- Nag-e-expire ang lahat ng aprubadong paghihigpit sa pormularyo sa katapusan ng bawat taon ng kalendaryo at dapat isumite ulit para sa pag-apruba sa simula ng bagong taon.

### Mga pagbabago sa halaga ng inireresetang gamot

May dalawang yugto ng pagbabayad para sa iyong coverage sa Bahagi D ng Medicare na inireresetang gamot sa ilalim ng aming plano. Nakadepende ang babayaran mo sa yugto na kinabibilangan mo kapag kumuha ka ng inireresetang gamot o nagpa-refill ka ng inireresetang gamot. Ito ang dalawang yugto:

<b>Yugto 1 Inisyal na Coverage na Yugto</b>	<b>Yugto 2 Catastrophic na Coverage na Yugto</b>
<p>Sa yugtong ito, binabayaran ng aming plano ang porsyon ng halaga ng iyong mga gamot, at babayaran mo ang porsyon mo. Tinatawag na copay ang porsyon mo.</p> <p>Magsisimula ka sa yugtong ito sa oras na kunin mo ang iyong unang reseta ng taon.</p>	<p>Sa yugtong ito, babayaran ng plano ang lahat ng gastusin sa iyong mga gamot hanggang Disyembre 31, 2024.</p> <p>Magsisimula ka sa yugtong ito pagkatapos mong magbayad ng partikular na halaga ng gastos na mula sa sariling bulsa.</p>

Matatapos ang Inisyal na Coverage na Yugto kapag ang iyong kabuuang gastos na mula sa sariling bulsa para sa mga inireresetang gamot ay umabot sa **\$8,000**. Sa puntong iyon, magsisimula ang Catastrophic na Coverage na Yugto. Sakop ng aming plano ang lahat ng iyong gastos sa gamot mula sa panahong iyon hanggang sa katapusan ng taon. Sumangguni sa **Kabanata 6** ng iyong *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon tungkol sa halaga ng babayaran mo para sa mga inireresetang gamot.

### E3. Yugto 1: “Inisyal na Coverage na Yugto”

Sa Inisyal na Coverage na Yugto, babayaran ng aming plano ang porsyon ng gastusin sa iyong sakop na mga inireresetang gamot, at babayaran mo ang porsyon mo. Tinatawag na copay ang porsyon mo. Ang copay ay nakadepende sa tier ng paghahati sa gastusin na kinabibilangan ng gamot at kung saan mo ito kukunin. Magbabayad ka ng copay sa tuwing kukuha ka ng reseta. Kung ang iyong sakop na gamot ay may halagang mas mababa sa copay, babayaran mo ang mas mababang presyo.

**Inilipat namin ang ilan sa mga gamot sa aming Listahan ng Gamot sa mas mababa o mas mataas na antas ng gamot.** Kung ang iyong mga gamot ay lumipat mula sa isang tier patungo sa isa pang tier, maaari itong makaapekto sa iyong copay. Upang malaman kung ang iyong mga gamot ay nasa ibang tier, hanapin ang mga ito sa aming Listahan ng Gamot.

---

**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Kaiser Permanente sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang **kp.org/medicare**. 18



Ipinapakita sa sumusunod na talahanayan ang iyong mga gastusin para sa mga gamot sa bawat isa sa aming dalawang gamot na tier. Nalalapat **lang** ang mga halagang ito sa panahong ikaw ay nasa Inisyal na Coverage na Yugto.

	2023 (ngayong taon)	2024 (susunod na taon)
<p><b>Mga Gamot sa Tier 1-2</b> (kabilang ang mga generic na gamot)</p> <p>Gastusin para sa isang buwang supply ng gamot sa Tier 1 at 2 na kinuha sa isang parmasyang nasa network</p>	<p>Ang iyong copay para sa isang buwan (30-araw na supply) ay <b>\$0-\$4.15 bawat reseta</b>, depende sa iyong antas ng “Karagdagang Tulong.”</p>	<p>Ang iyong copay para sa isang buwan (30-araw na supply) ay <b>\$0-\$4.50 bawat reseta</b>, depende sa iyong antas ng “Karagdagang Tulong.”</p>
<p><b>Mga Gamot sa Tier 3-5</b> (kasama ang branded at mga espesyal na gamot)</p> <p>Gastusin para sa isang buwang supply ng gamot sa Tier 3 hanggang 5 na kinuha sa isang parmasyang nasa network</p>	<p>Ang iyong copay para sa isang buwan (30-araw na supply) ay <b>\$0-\$10.35 bawat reseta</b>, depende sa iyong antas ng “Karagdagang Tulong.”</p>	<p>Ang iyong copay para sa isang buwan (30-araw na supply) ay <b>\$0-\$11.20 bawat reseta</b>, depende sa iyong antas ng “Karagdagang Tulong.”</p>

Matatapos ang Inisyal na Coverage na Yugto kapag ang iyong kabuuang gastos na mula sa sariling bulsa ay umabot sa **\$8,000**. Sa puntong iyon, magsisimula ang Catastrophic na Coverage na Yugto. Sakop ng plano ang lahat ng iyong gastos sa gamot mula sa panahong iyon hanggang sa katapusan ng taon. Sumangguni sa **Kabanata 6** ng iyong *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung magkano ang babayaran mo para sa mga inireresetang gamot.

#### **E4. Yugto 2: “Catastrophic na Coverage na Yugto”**

Kapag naabot mo na ang limitasyon sa gastos na mula sa sariling bulsa na **\$8,000** para sa iyong mga inireresetang gamot, magsisimula ang Catastrophic na Coverage na Yugto. Mananatili ka sa Catastrophic na Coverage na Yugto hanggang sa katapusan ng taon ng kalendaryo.

- Upang makahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga reseta na saklaw ng Medicare at Medi-Cal, sumangguni sa *Listahan ng Mga Sakop na Gamot*.

**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Kaiser Permanente sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang **kp.org/medicare**. 19



## F. Mga administratibong pagbabago

	2023 (ngayong taon)	2024 (susunod na taon)
Mga numero ng Kontrata at Plan Benefit Package (PBP)	Ang iyong kasalukuyang plano na Kaiser Permanente Senior Advantage Medicare Medi-Cal San Diego Plan, ay kilala rin bilang Kontrata H0524, PBP #071.	Ang iyong bagong plano na Senior Advantage Medicare Medi-Cal South P1 Plan, ay kilala rin bilang Kontrata H8794, PBP #001.

## G. Pagpili ng plano

### G1. Pananatili sa aming plano

Umaasa kaming maging miyembro ka pa rin ng plano. Wala kang kailangang gawin para manatili sa aming plano. Kung **hindi** ka magpapalit sa ibang plano ng Medicare o magpapalit sa Original Medicare, awtomatiko kang mananatiling naka-enroll bilang miyembro ng aming plano para sa 2024.

### G2. Pagpapalit ng plano

Magagawa ng karamihan ng mga taong may Medicare na wakasan ang kanilang membership sa mga partikular na bahagi ng taon. Dahil mayroon kang Medi-Cal, maaari mong wakasan ang iyong membership sa aming plano o lumipat sa ibang plano nang isang beses sa bawat isa sa mga sumusunod na **Panahon ng Espesyal na Pag-enroll**:

- Enero hanggang Marso
- Abril hanggang Hunyo
- Hulyo hanggang Setyembre

**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Kaiser Permanente sa **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang **kp.org/medicare**. 20



Bukod pa sa tatlong panahong ito ng Espesyal na Pag-enroll, maaari mong wakasan ang iyong membership sa aming plano sa mga sumusunod na panahon:

- Ang **Panahon ng Taunang Pag-enroll**, na mula Oktubre 15 hanggang Disyembre 7. Kung pipili ka ng bagong plano sa panahong ito, magwawakas ang iyong membership sa aming plano sa Disyembre 31 at ang iyong membership sa bagong plano ay magsisimula sa Enero 1.
- Ang **Panahon ng Bukas na Pag-enroll sa Medicare Advantage (MA)**, na mula Enero 1 hanggang Marso 31. Kung pipili ka ng bagong plano sa panahong ito, magsisimula ang iyong membership sa bagong plano sa unang araw ng susunod na buwan.

Maaaring may iba pang sitwasyon kung saan kwalipikado kang gumawa ng pagbabago sa iyong pagpapa-enroll. Halimbawa, kapag:

- umalis ka sa aming lugar ng serbisyo,
- nagbago ang pagiging kwalipikado mo para sa Medi-Cal o sa Karagdagang Tulong, o
- kung ikaw ay kamakailang lumipat sa, kasalukuyang nakakatanggap ng serbisyo sa pangangalaga sa, o kamakailang lumabas ng pasilidad para sa pag-aalaga o ng ospital para sa pangmatagalang pangangalaga.



## Ang iyong mga serbisyo ng Medicare

Mayroon kang tatlong opsyon para sa pagkuha ng iyong mga serbisyo ng Medicare. Sa pamamagitan ng pagpili sa isa sa mga opsyong ito, awtomatiko mong winawakasan ang iyong membership sa aming plano.

<p><b>1. Maaari kang lumipat sa:</b></p> <p><b>Isa pang planong pangkalusugan ng Medicare, kabilang ang isa pang Medicare Medi-Cal Plan</b></p>	<p><b>Narito ang dapat gawin:</b></p> <p>Tumawag sa Medicare sa <b>1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)</b>, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa <b>1-877-486-2048</b>.</p> <p>Para sa mga tanong tungkol sa Programa para sa All-Inclusive na Pangangalaga para sa Nakatatanda (Program of All-inclusive Care for the Elderly, PACE) tumawag sa <b>1-855-921-PACE (7223)</b>.</p> <p>Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon:</p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Tawagan ang Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa <b>1-800-434-0222</b>, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. (TTY <b>711</b>). Para sa higit pang impormasyon o upang maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bumisita sa <b><a href="http://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/">www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/</a></b>.</li></ul> <p><b>O</b></p> <p>Magpa-enroll sa bagong plano ng Medicare.</p> <p>Awtomatikong makakansela ang iyong enrollment sa aming plano kapag nagsimula ang coverage ng iyong bagong plano. Maaaring magbago ang iyong plano ng Medi-Cal.</p>
---	--

**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Kaiser Permanente sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**. 22



<p><b>2. Maaari kang lumipat sa:</b></p> <p><b>Original Medicare na may hiwalay na plano sa inireresetang gamot ng Medicare</b></p>	<p><b>Narito ang dapat gawin:</b></p> <p>Tawagan ang Medicare sa <b>1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)</b>, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa <b>1-877-486-2048</b>.</p> <p>Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon:</p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Tawagan ang Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa <b>1-800-434-0222</b>, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. (TTY <b>711</b>). Para sa higit pang impormasyon o upang maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bumisita sa <b><a href="http://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/">www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/</a></b>.</li></ul> <p><b>O</b></p> <p>Magpa-enroll sa bagong plano sa inireresetang gamot ng Medicare.</p> <p>Awtomatikong makakansela ang iyong enrollment sa aming plano kapag nagsimula ang iyong coverage ng Original Medicare.</p> <p>Hindi magbabago ang iyong plano ng Medi-Cal.</p>
---	--



<p><b>3. Maaari kang lumipat sa:</b></p> <p><b>Original Medicare na walang hiwalay na plano sa inireresetang gamot ng Medicare</b></p> <p><b>TANDAAN:</b> Kung lilipat ka sa Original Medicare at hindi ka mag-e-enroll sa isang hiwalay na plano sa inireresetang gamot ng Medicare, maaari kang i-enroll ng Medicare sa isang plano sa gamot, maliban na lang kung sasabihin mo sa Medicare na hindi mo gustong sumali.</p> <p>Dapat mo lang i-drop ang coverage sa inireresetang gamot kung mayroon kang coverage sa gamot mula sa ibang source, tulad ng employer o union. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung kailangan mo ng coverage sa gamot, tumawag sa Programa sa Pagpapayo at Suporta sa Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa <b>1-800-434-0222</b>, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o upang maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bumisita sa <b><a href="http://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/">www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/</a></b>.</p>	<p><b>Narito ang dapat gawin:</b></p> <p>Tumawag sa Medicare sa <b>1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)</b>, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa <b>1-877-486-2048</b>.</p> <p>Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon:</p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Tawagan ang Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa <b>1-800-434-0222</b>, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. (TTY <b>711</b>). Para sa higit pang impormasyon o upang maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bumisita sa <b><a href="http://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/">www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/</a></b>.</li></ul> <p>Awtomatikong makakansela ang iyong enrollment sa aming plano kapag nagsimula ang iyong coverage ng Original Medicare.</p> <p>Hindi magbabago ang iyong plano ng Medi-Cal.</p>
---	---

### Ang iyong mga serbisyo ng Medi-Cal

Para sa mga tanong tungkol sa kung paano pipili ng plano ng Medi-Cal o kung paano makukuha ang iyong mga serbisyo sa Medi-Cal pagkatapos mong umalis sa aming plano, makipag-ugnayan sa Health Care Options sa **1-800-430-4263**, Lunes – Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-800-430-7077**. Itanong kung paano nakakaapekto ang pagsali sa ibang plano o ang pagbalik sa Original Medicare sa kung paano mo nakukuha ang iyong coverage sa Medi-Cal.



**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Kaiser Permanente sa **1-800-443-0815** (TTY **711**), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang **[kp.org/medicare](http://kp.org/medicare)**. 24

## H. Paghingi ng tulong

### H1. Aming plano

Narito kami para tumulong kung mayroon kang anumang tanong. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina sa mga nakalistang araw at oras ng operasyon. Walang bayad ang mga tawag na ito.

#### **Basahin ang iyong *Handbook ng Miyembro***

Ang iyong *Handbook ng Miyembro* ay isang legal at detalyadong paglalarawan ng mga benepisyo ng aming plano. Naglalaman ito ng mga detalye tungkol sa mga benepisyo at gastusin para sa 2024. Ipinapaliwanag dito ang iyong mga karapatan at ang mga panuntunang dapat sundin para makuha ang mga serbisyo at inireresetang gamot na sakop namin.

Ang *Handbook ng Miyembro* para sa 2024 ay magiging available sa Oktubre 15. May up-to-date na kopya ng *Handbook ng Miyembro* na available sa aming website sa [kp.org/eocscal](https://kp.org/eocscal). Maaari mo ring tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina para hilingin sa aming magpadala sa iyo ng *Handbook ng Miyembro* para sa 2024.

#### **Aming website**

Maaari mong bisitahin ang aming website sa [kp.org/medicare](https://kp.org/medicare). Bilang paalala, nasa aming website ang pinakabagong impormasyon tungkol sa aming network ng provider at parmasya (*Direktoryo ng Provider at Parmasya*) at sa aming Listahan ng Gamot (*Listahan ng Mga Sakop na Gamot*).

### H2. Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP)

Maaari mo ring tawagan ang Tulong na Programa ng Estado sa Insurance sa Kalusugan (SHIP). Sa California, ang SHIP ay tinatawag na Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP). Makakatulong sa iyo ang mga tagapayo ng HICAP na maunawaan ang iyong mga opsyon sa plano at sumagot ng mga tanong tungkol sa paglipat ng plano. Ang HICAP ay walang kaugnayan sa amin o sa anumang kumpanya ng insurance o planong pangkalusugan. Ang HICAP ay may mga bihasang tagapayo sa bawat county, at libre ang mga serbisyo. Ang numero ng telepono ng HICAP ay **1-800-434-0222**. (TTY **711**.) Para sa higit pang impormasyon o upang maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bumisita sa [www.aging.ca.gov/Programs\\_and\\_Services/Medicare\\_Counseling/](https://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/).

---

**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Kaiser Permanente sa **1-800-443-0815** (TTY **711**), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [kp.org/medicare](https://kp.org/medicare). 25



### H3. Ombuds Program

Makakatulong sa iyo ang Medicare Medi-Cal Ombuds Program kung mayroon kang problema sa aming plano. Libre at available sa lahat ng wika ang mga serbisyo ng ombudsman. Ang Medicare Medi-Cal Ombuds Program ay:

- kumikilos bilang tagapagtaguyod sa ngalan mo. Maaari nilang sagutin ang mga tanong kung mayroon kang problema o reklamo at matutulungan ka nilang maunawaan kung ano ang gagawin.
- tinitiyak na mayroon ka ng impormasyong nauugnay sa iyong mga karapatan at proteksyon at kung paano malulutas ang iyong mga alalahanin.
- walang kaugnayan sa amin o sa anumang kumpanya ng insurance o planong pangkalusugan. Ang numero ng telepono para sa Medicare Medi-Cal Ombuds Program ay **1-888-804-3536**.

### H4. Medicare

Para direktang makakuha ng impormasyon mula sa Medicare, tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1-877-486-2048**.

#### Website ng Medicare

Maaari mong bisitahin ang website ng Medicare (**www.medicare.gov**). Kung pipiliin mong kanselahin ang enrollment sa aming plano at mag-e-enroll ka sa ibang plano ng Medicare, nasa website ng Medicare ang impormasyon tungkol sa mga gastusin, coverage, at mga rating ng kalidad para matulungan kang magkumpara ng mga plano.

Makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa mga plano ng Medicare na available sa iyong lugar sa pamamagitan ng paggamit sa Medicare Plan Finder sa website ng Medicare. (Para sa impormasyon tungkol sa mga plano, sumangguni sa **www.medicare.gov** at mag-click sa “Find plans” [Maghanap ng mga plano].)

#### **Medicare & You 2024**

Maaari mong basahin ang handbook ng *Medicare & You 2024*. Bawat taon, kapag taglagas, ipinapadala ang booklet na ito sa pamamagitan ng koreo sa mga taong may Medicare. Naglalaman ito ng buod ng mga benepisyo ng Medicare, mga karapatan at proteksyon, at mga sagot sa mga pinakamadalas itanong tungkol sa Medicare. Available din ang handbook na ito sa Spanish, Chinese, at Vietnamese.

---

**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Kaiser Permanente sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang **kp.org/medicare**. 26



Kung wala kang kopya ng booklet na ito, makukuha mo ito sa website ng Medicare ([www.medicare.gov/Pubs/pdf/10050-medicare-and-you.pdf](http://www.medicare.gov/Pubs/pdf/10050-medicare-and-you.pdf)) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

## **H5. Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan ng California**

Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan (Department of Managed Health Care, DMHC) ng California ay responsable sa pagkontrol ng mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Matutulungan ka ng Help Center ng DMHC sa mga apela at reklamo tungkol sa mga serbisyo ng Medi-Cal. Kung mayroon kang karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, dapat mo munang tawagan ang iyong planong pangkalusugan sa 1-800-443-0815 at gamitin ang proseso ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa departamento. Ang paggamit sa pamamaraan sa karaingan na ito ay hindi nagbabawal sa anumang posibleng legal na karapatan o remedyo na maaari mong magamit. Kung kailangan mo ng tulong sa karaingan na may kaugnayan sa isang emerhensiya, isang karaingan na hindi pa kasiya-siyang nalutas ng iyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na higit sa 30 araw nang hindi pa nalulutas, maaari mong tawagan ang departamento para sa tulong. Ikaw ay maaari ring karapat-dapat para sa isang Independiyenteng Pagrepasong Medikal, (Independent Medical Review, IMR). Kung ikaw ay karapat-dapat para sa IMR, ang proseso ng IMR ay magbibigay ng walang kinikilingang pagsusuri ng mga desisyong medikal na ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng isang iminungkahing serbisyo o paggamot, mga desisyon sa pagsakop sa mga paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lamang at mga hindi pagkakasundo sa pagbabayad para sa emerhensiya o mga apurahang serbisiyong medikal. Ang departamento ay mayroon ding walang bayad na numero ng telepono (1-888-466-2219) at isang linya ng TDD (1-877-688-9891) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento na [www.dmhc.ca.gov](http://www.dmhc.ca.gov) ay may mga form para sa reklamo, mga form ng aplikasyon para sa IMR, at mga tagubilin online.

---

**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Kaiser Permanente sa 1-800-443-0815 (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [kp.org/medicare](http://kp.org/medicare). 27



# Abiso ng Kawalan ng Diskriminasyon

Sumusunod ang Kaiser Permanente sa mga naaangkop na pederal na batas sa mga karapatang sibil at hindi ito nandiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian. Ang Kaiser Permanente ay hindi nagbubukod ng mga tao o tinatrato sila nang iba dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian. Kami rin ay:

- Nagbibigay ng walang bayad na mga tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan para makipag-usap nang epektibo sa amin, tulad ng:
  - Mga kwalipikadong sign language interpreter.
  - Nakasulat na impormasyon sa ibang mga format, tulad ng malalaking letra, audio, at maa-access na mga elektronikong format.
- Magbigay ng walang bayad na mga serbisyo sa wika sa mga tao na ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter.
  - Nakasulat na impormasyon sa iba pang mga wika.

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong araw sa isang linggo.

Kung naniniwala kang hindi naibigay ng Kaiser Permanente ang mga serbisyong ito o kung nandiskrimina ito sa ibang paraan batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari kang magsampa ng karaingan sa aming Civil Rights Coordinator sa pamamagitan ng pagsulat sa One Kaiser Plaza, 12th Floor, Suite 1223, Oakland, CA 94612 o pagtawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa numerong nakalista sa itaas. Maaari kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng koreo o telepono. Kung kailangan mo ng tulong sa pagsasampa ng karaingan, matutulungan ka ng aming Civil Rights Coordinator. Maaari ka ring magsampa ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng Portal para sa Reklamo ng Office for Civil Rights, na available sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>, o sa pamamagitan ng koreo o telepono sa: U.S. Department of Health and Human Services, 200 Independence Avenue SW., Room 509F, HHH Building, Washington, DC 20201, **1-800-368-1019, 1-800-537-7697 (TDD)**. Makakakuha ng mga form para sa reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.



## Abiso ng Kawalan ng Diskriminasyon

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod ng Kaiser Permanente ang mga batas ng Estado at Pederal sa mga karapatang pantao.

Hindi nandiskrimina ang Kaiser Permanente nang labag sa batas, hindi isinasama ang mga tao, o tinatrato ang mga ito nang iba dahil sa edad, lahi, kinikilalang grupo ng etniko, kulay, pinagmulang bansa, pinagmulang kultura, ninuno, relihiyon, kasarian, kinikilalang kasarian, pagpapahayag ng kasarian, sekswal na oryentasyon, marital status, pisikal o pangkaisipan na kapansanan, medikal na kondisyon, pinanggagalingan ng bayad, impormasyong henetiko, pagkamamamayan, pangunahing wika, o estado sa imigrasyon.

Ibinibigay ng Kaiser Permanente ang mga sumusunod na serbisyo:

- Ang walang bayad na mga tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan para tulungan silang makipag-usap nang mas maganda sa amin, tulad ng:
  - ◆ Mga kwalipikadong interpreter para sa sign language
  - ◆ Nakasulat na impormasyon sa iba pang mga format (braille, nakasulat sa malalaking letra, audio, naa-access na mga elektronikong format, at iba pang mga format)
- Ang walang bayad na mga serbisyo sa wika sa mga tao na ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
  - ◆ Mga kwalipikadong interpreter
  - ◆ Impormasyong nakasulat sa ibang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, tumawag sa aming Center sa Pakikipag-ugnayan para sa Serbisyo sa Miyembro sa **1-800-464-4000 (TTY 711)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban sa sarado ito kapag may mga holiday). Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, pakitawagan ang **711**.

Sa paghiling, hindi mo makukuha ang dokumentong ito sa braille, nakasulat sa mamalaking letra, audiocassette, o elektronikong form. Para makakuha ng isang kopya sa isa sa mga alternatibong format na ito, o ibang format, tawagan ang aming Center sa Pakikipag-ugnayan para sa Serbisyo sa Miyembro at hilingin ang kailangan mong format.

### Paano maghain ng karaingan sa Kaiser Permanente

Maaari kang maghain ng karaingan sa diskriminasyon sa Kaiser Permanente kung naniniwala ka na hindi namin naibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nandiskrimina sa ibang paraan. Mangyaring sumangguni sa iyong *Ebidensiya ng Pagsakop (Evidence of Coverage)* o *Mga Katunayan ng Insurance (Certificate of Insurance)* para sa mga detalye. Maaari ka ring makipag-usap sa isang kinatawan ng Mga Serbisyo sa Miyembro tungkol sa mga opsyon na naaangkop sa iyo. Mangyaring tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng karaingan.



Maaari kang magsumite ng isang karaiangan sa diskriminasyon sa mga sumusunod na paraan:

- **Sa telepono:** Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1 800-464-4000 (TTY 711)** 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kung sarado kapag mga holiday)
- **Sa koreo:** Tumawag sa amin sa **1 800-464-4000 (TTY 711)** at hilinging padalhan ka ng form
- **Sa personal:** Punan ang Form para sa Reklamo o Paghahabol/Kahilingan para sa Benepisyo sa opisina ng mga serbisyo sa miyembro na matatagpuan sa isang Pasilidad ng Plan (pumunta sa directory ng iyong provider sa [kp.org/facilities](http://kp.org/facilities) para sa mga address)
- **Online:** Gamitin ang online form sa aming website sa [kp.org](http://kp.org)

Maaari ka ring direktang makipag-ugnayan sa Tagapangasiwa ng Mga Karapatang Sibil ng Kaiser Permanente sa mga address sa ibaba:

**Attn: Kaiser Permanente Civil Rights Coordinator**  
Member Relations Grievance Operations  
P.O. Box 939001  
San Diego CA 92193

**Paano maghain ng karaiangan sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California Opisina para sa Mga Karapatang Sibil** *(Para sa mga Medi-Cal Beneficiary Lang)*

Maaari ka rin maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Kalusugan ng California Opisina para sa Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng sulat, sa telepono o sa email:

- **Sa telepono:** Tumawag sa Opisina para sa Mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS) sa **916-440-7370 (TTY 711)**
- **Sa koreo:** Punan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:  
Deputy Director, Office of Civil Rights  
Department of Health Care Services  
Office of Civil Rights  
P.O. Box 997413, MS 0009  
Sacramento, CA 95899-7413  
Makukuha ang mga form para sa reklamo sa:  
**[http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx)**
- **Online:** Magpadala ng email sa [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov)

**Paano maghain ng isang karainan sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao ng Estados Unidos (U.S. Department of Health and Human Services), Opisina para sa Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights)**

Maaari kang maghain ng reklamo sa diskriminasyon sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao ng Estados Unidos Opisina para sa Mga Karapatang Sibil. Maaari kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng sulat sa telepono, o online:

- **Sa telepono:** Tumawag sa **1-800-368-1019** (TTY 711 o 1-800-537-7697)

- **Sa koreo:** Punan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:

U.S. Department of Health and Human Services  
200 Independence Avenue, SW  
Room 509F, HHH Building  
Washington, D.C. 20201

Makakakuha ng mga form para sa reklamo sa:

**<http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>**

- **Online:** Bisitahin ang Portal sa Pagreklamo ng Opisina para sa Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights Complaint Portal) sa:  
**<https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>**

## Multi-Language Insert

### Multi-language Interpreter Services

**English:** We have free interpreter services to answer any questions you may have about our health or drug plan. To get an interpreter, just call us at **1-800-443-0815 (TTY 711)**. Someone who speaks English/Language can help you. This is a free service.

**Spanish:** Tenemos servicios de intérprete sin costo alguno para responder cualquier pregunta que pueda tener sobre nuestro plan de salud o medicamentos. Para hablar con un intérprete, por favor llame al **1-800-443-0815 (TTY 711)**. Alguien que hable español le podrá ayudar. Este es un servicio gratuito.

**Chinese Mandarin:** 我们提供免费的翻译服务，帮助您解答关于健康或药物保险的任何疑问。如果您需要此翻译服务，请致电 **1-800-443-0815 (TTY 711)**。我们的中文工作人员很乐意帮助您。这是一项免费服务。

**Chinese Cantonese:** 您對我們的健康或藥物保險可能存有疑問，為此我們提供免費的翻譯服務。如需翻譯服務，請致電 **1-800-443-0815 (TTY 711)**。我們講中文的人員將樂意為您提供幫助。這是一項免費服務。

**Tagalog:** Mayroon kaming libreng serbisyo sa pagsasaling-wika upang masagot ang anumang mga katanungan ninyo hinggil sa aming planong pangkalusugan o panggamot. Upang makakuha ng tagasaling-wika, tawagan lamang kami sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**. Maaari kayong tulungan ng isang nakakapagsalita ng Tagalog. Ito ay libreng serbisyo.

**French:** Nous proposons des services gratuits d'interprétation pour répondre à toutes vos questions relatives à notre régime de santé ou d'assurance-médicaments. Pour accéder au service d'interprétation, il vous suffit de nous appeler au **1-800-443-0815 (TTY 711)**. Un interlocuteur parlant Français pourra vous aider. Ce service est gratuit.

**Vietnamese:** Chúng tôi có dịch vụ thông dịch miễn phí để trả lời các câu hỏi về chương sức khỏe và chương trình thuốc men. Nếu quý vị cần thông dịch viên xin gọi **1-800-443-0815 (TTY 711)** sẽ có nhân viên nói tiếng Việt giúp đỡ quý vị. Đây là dịch vụ miễn phí.

**German:** Unser kostenloser Dolmetscherservice beantwortet Ihren Fragen zu unserem Gesundheits- und Arzneimittelplan. Unsere Dolmetscher erreichen Sie unter **1-800-443-0815 (TTY 711)**. Man wird Ihnen dort auf Deutsch weiterhelfen. Dieser Service ist kostenlos.

**Korean:** 당사는 의료 보험 또는 약품 보험에 관한 질문에 대해 드리고자 무료 통역 서비스를 제공하고 있습니다. 통역 서비스를 이용하려면 전화 **1-800-443-0815 (TTY 711)** 번으로 문의해 주십시오. 한국어를 하는 담당자가 도와 드릴 것입니다. 이 서비스는 무료로 운영됩니다.

**Russian:** Если у вас возникнут вопросы относительно страхового или медикаментного плана, вы можете воспользоваться нашими бесплатными услугами переводчиков. Чтобы воспользоваться услугами переводчика, позвоните нам по телефону **1-800-443-0815 (TTY 711)**. Вам окажет помощь сотрудник, который говорит по-русски. Данная услуга бесплатная.

**Arabic:** إننا نقدم خدمات المترجم الفوري المجانية للإجابة عن أي أسئلة تتعلق بالصحة أو جدول الأدوية لدينا. للحصول على مترجم فوري، ليس عليك سوى الاتصال بنا على **1-800-443-0815 (TTY 711)**. سيقوم شخص ما يتحدث العربية بمساعدتك. هذه خدمة مجانية.

**Hindi:** हमारे स्वास्थ्य या दवा की योजना के बारे में आपके किसी भी प्रश्न के जवाब देने के लिए हमारे पास मुफ्त दुभाषिया सेवाएँ उपलब्ध हैं. एक दुभाषिया प्राप्त करने के लिए, बस हमें **1-800-443-0815 (TTY 711)** पर फोन करें. कोई व्यक्ति जो हिन्दी बोलता है आपकी मदद कर सकता है. यह एक मुफ्त सेवा है.

**Italian:** È disponibile un servizio di interpretariato gratuito per rispondere a eventuali domande sul nostro piano sanitario e farmaceutico. Per un interprete, contattare il numero **1-800-443-0815 (TTY 711)**. Un nostro incaricato che parla Italianovi fornirà l'assistenza necessaria. È un servizio gratuito.

**Portuguese:** Dispomos de serviços de interpretação gratuitos para responder a qualquer questão que tenha acerca do nosso plano de saúde ou de medicação. Para obter um intérprete, contacte-nos através do número **1-800-443-0815 (TTY 711)**. Irá encontrar alguém que fale o idioma Português para o ajudar. Este serviço é gratuito.

**French Creole:** Nou genyen sèvis entèprèt gratis pou reponn tout kesyon ou ta genyen konsènan plan medikal oswa dwòg nou an. Pou jwenn yon entèprèt, jis rele nou nan **1-800-443-0815 (TTY 711)**. Yon moun ki pale Kreyòl kapab ede w. Sa a se yon sèvis ki gratis.

**Polish:** Umożliwiamy bezpłatne skorzystanie z usług tłumacza ustnego, który pomoże w uzyskaniu odpowiedzi na temat planu zdrowotnego lub dawkowania leków. Aby skorzystać z pomocy tłumacza znającego język polski, należy zadzwonić pod numer **1-800-443-0815 (TTY 711)**. Ta usługa jest bezpłatna.

**Japanese:** 当社の健康 健康保険と薬品 処方薬プランに関するご質問にお答えするために、無料の通訳サービスがあります。通訳をご用命になるには、**1-800-443-0815 (TTY 711)** にお電話ください。日本語を話す人 者が支援いたします。これは無料のサービスです。

# Impormasyon sa Plano

*Bilang miyembro ng planong ito, maaari kaming paminsan-minsang makipag-ugnayan sa iyo para ipaalam sa iyo ang iba pang mga plano o produkto ng Kaiser Permanente na puwede mong magamit. Kung nais mong mag-opt out sa mga ganitong uri ng tawag, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa numero ng telepono sa likod ng iyong ID card ng miyembro.*

---

## Mga Direktoryo ng Provider

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng isang provider o parmasya na nasa network, mangyaring bisitahin ang **kp.org/directory** para makapaghanap sa aming online na direktoryo (Tandaan: ang mga direktoryo ng 2024 ay available online simula 10/15/2023 alinsunod sa mga kinakailangan sa Medicare).

Para makakuha ng **Direktoryo ng Provider, Direktoryo ng Provider para sa Ngipin o Direktoryo ng Parmasya** (kung naaangkop), na ipapadala sa iyo sa pamamagitan ng koreo, maaari kang tumawag sa Kaiser Permanente sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.

---

## Pormularyo ng Inireresetang Gamot ng Part D ng Medicare

Nakalista sa aming pormularyo ang mga gamot sa Part D ng Medicare na sinasaklaw namin. Puwedeng magbago ang pormularyo anumang oras. Aabisuhan ka kung kinakailangan. Kung mayroon kang tanong tungkol sa mga saklaw na gamot, tingnan ang aming online na pormularyo sa **kp.org/seniorrx** (Tandaan: ang pormularyo ng 2024 ay available online simula 10/15/2023 alinsunod sa mga kinakailangan sa Medicare).

Para makapagpadala ng pormularyo sa iyo sa pamamagitan ng koreo, maaari kang tumawag sa Kaiser Permanente sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.

---

## Katunayan ng Pagsakop (Evidence of Coverage, EOC)

Ipinapaliwanag ng iyong **EOC** kung paano makakakuha ng medikal na pangangalaga at mga inireresetang gamot na sinasakop sa pamamagitan ng iyong plano. Ipinapaliwanag nito ang iyong mga karapatan at responsibilidad, kung ano ang sinasakop, at kung ano ang binabayaran mo bilang miyembro ng Kaiser Permanente. Kung mayroon kang tanong tungkol sa iyong coverage, bisitahin ang **kp.org/eocscal** para matingnan ang iyong **EOC** online (Tandaan: ang 2024 **EOC** para sa Southern California ay available online simula 10/15/2023 alinsunod sa mga kinakailangan sa Medicare).

Para makapagpadala ng **EOC** sa iyo sa pamamagitan ng koreo, maaari kang tumawag sa Kaiser Permanente sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m.





